ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo
Tomo LII Blg. 16
Agosto 21, 2021
www.cpp.ph




EDITORYAL

# Korapsyon sa gitna ng krisis at pandemya

Sa gitna ng malawak at mistula'y walang katapusang pagdurusa ng sambayanang Pilipino sa pandemya at mga pahirap na lockdown, nagagawa pa ng rehimeng Duterte na lustayin, kurakutin at ipagkait sa mamamayan ang ilampung bilyong pisong pondo ng bayan.

Labis-labis ang pagngangalit ng sambayanang Pilipino sa ibinunyag ng Commission on Audit (COA) na mga katiwalian sa gubyerno, laluna sa paghawak ng pondong para sa pandemya na kulang na kulang na nga, ay sinayang o nilustay pa. Tanda na laganap at sistematiko ang korapsyon sa ilalim ni Duterte, tadtad ng pulang marka ng COA ang halos lahat ng mayor na ahensya ng gubyerno. Sa tangkang pagtakpan ang mga katiwaliang ito, sinindak ni Duterte ang COA na huwag ilabas ang kanilang mga nauungkat.

Sa harap ng ilampung libong namatay sa Covid-19, mahigit isang milyong nagkasakit, milyun-milyong nawalan ng hanapbuhay at dumanas ng labis na kahirapan at kagutuman, kriminal ang mga katiwaliang ito at dapat papanagutin ang mga tao sa likod nito. Inilalantad nito na huwad ang sinasabing nagsisilbi sa taumbayan ang burukrasya ng reaksyunaryong estado. Ang totoo'y mabigat na pasanin ito na dumudurog sa balikat ng karaniwang mamamayan.

Ang paglustay at di tamang pagprayoridad sa pondo ng bayan ay ibayo pang nagpapalala sa dinaranas na krisis ng bansa at pagdurusa ng mamamayan. Ang labis na kakulangan, paglustay at pagsasayang sa pondong nakalaan sa pagharap sa pandemya ay pumipilay sa kapasidad ng bansa na daigin ang pandemya. Kulang na kulang ang kakayahan sa *mass testing, contact tracing*, pagbabakuna at pagpapalakas ng kapasidad ng mga pampublikong ospital, mga susing hakbang upang madaig ang pandemya. Mahigit isang taon na pero bulag pa rin ang mga upisyal sa kalusugan kung saan at papaano kumakalat ang sakit.

Kaya laging huli pa rin ang tugon ng gubyerno sa paglaganap ng bayrus at sa katapusan ay paulit-ulit na *lockdown* ang sagot. Dahil sa pagsalalay sa militaristang *lockdown* bilang solusyon sa pandemya, nilulumpo ni Duterte ang ekonomya ng bansa at kabuhayan ng ordinaryong mga Pilipino.

Malaking bahagi ng mga katiwaliang ito ay kinatatangian ng pondong hindi ginamit na ipinag-utos ni Duterte na ipunin ng Department of Budget and Management. Marami ang naniniwalang bahagi ito ng pagkakamkam ng bilyun-bilyong pisong pondong pang-eleksyon na ibubuhos sa ekonomya sa katapusan ng taon o sa susunod na taon para magpasiklab, ipambili ng boto at suporta ng mga pulitiko at para sa manipulasyon ng resulta ng eleksyon.

Sukang-suka ang taumbayan

kung papaanong iniuuna pa ngayon ni Duterte ang pagkakapit-tuko niya sa poder sa harap ng malawakang paghihirap ng masang Pilipino na bunga ng kanyang kapalpakan sa paggugubyerno at lubhang kapabayaan. Ang kaakibat nitong tiwaling paghawak sa pondo ng gubyerno ay dagdag pasakit at pasanin ng taumbayan.

Lantad na lantad nang hungkag ang asta ni Duterte na "anti-korapsyon." Ang pagsipa sa maliliit na burukrata ay palabas para tabingan ang korapsyon ng malalaki. Ang pinakamalalaking kurakot ay ang pinakamalalapit niyang utusan, mga heneral at pinakapinagkakatiwalaan niyang mga upisyal na kahit nabuko na't binabatikos kaliwa't kanan ay hinahayaang magpatuloy sa kanilang paglulustay at pagsasayang sa pera ng taumbayan. Umaalingasaw sa kabulukan ang kanyang gubyerno.

Dahil sa lumalalang katiwalian, labis-labis na pagpapabaya at pangungunyapit ni Duterte sa kapangyarihan, lumalaki ang posibilidad na sumambulat ang mas malubha pang krisis sa kalusugan, ekonomya at pulitika sa mga darating na linggo at buwan.

Sa paglitaw ng bagong mas mababagsik na tipo ng Covid-19 tulad ng Delta *variant* at iba pa, malaki ang banta na lalo pang lalala ang pandemya na lagpas sa kakayahan ng sistemang pangkalusugan. Parami nang parami ang mga nars na nagbibitiw dahil sa pagod sa trabaho at pagod sa kahihintay ng kanilang mga benepisyo. Kinukulang na ang mga ospital ng mga pasilidad at manggagawang tatao sa mga ito, kaya maraming maysakit ang hindi na nabibigyan ng lunas. Sa harap nito, paulit-ulit na *lockdown* pa rin ang pangunahing sagot ng rehimen, na tiyak na ibayo pang lulumpo sa ekonomya at kabuhayan ng masa.

Sinasaid ng rehimeng Duterte ang pasensya ng taumbayan. Kumukulo ang dugo ng mamamayan sa ipinakikita ng mga tiwaling burukratang kapitalista kung paanong inuuna pa nila ang kanilang kapangyarihan, mga layaw, pitaka't bulsa kahit nakahandusay na ang bayan sa pagdurusa. Hinahanap ng taumbayan kung paano at saan ibubuhos ang kanilang nag-uumapaw na galit sa rehimen.

Nakaatang sa balikat ng mga progresibo at demokratikong pwersa ang responsibilidad na tipunin ang galit na ito ng taumbayan at bigyang-hugis ito bilang isang makapangyarihang sandata ng pagbabago. Dapat nilang abutin ang milyun-milyong mamamayan naghahanap ng gabay at liwanag sa daang dapat tahakin para ipagtanggol ang kanilang interes at kapakanan. Dapat pangibabawan ang mga paghihigpit ng *lockdown* at pasistang paghahari upang isagawa ang malawakang kampanya ng pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos sa masa.

Pilit na pinagwawatak-watak ng rehimeng Duterte ang taumbayan gamit ang panlilinlang, kasinungalingan, pananakot at karahasan. Dapat itong tumbasan ng walang kapagurang pagkilos upang pagkaisahin ang mga kabataan, mga manggagawa, magsasaka, mga maralita, kababaihan, mga nars at duktor, mga guro at iba pang karaniwang mga kawani. Dapat pagbigkisin ang iba't ibang sektor upang ipamalas sa lahat ng pagkakataon ang malawak na poot sa kasalukuyang krisis na kagagawan ni Duterte at kanyang mga alipures.

Dapat maging handa sa mabilis na pumipihit o nagbabagong sitwasyon at sunggaban ang lahat ng pagkakataon na tipunin ang lakas ng laksa-laksang libong mamamayan sa lansangan at ihanay ang pinakamalawak na pwersa para makipagtuos sa kurakot, palpak, traydor at pasistang rehimen.

Bilang tanglaw, dapat ituro ng Partido na sa isang panig, ang laganap at sistematikong korapsyon sa gubyernong Duterte ay ibayong nagpapalala sa krisis, paghihirap at pagdurusa ng mamamayan. Sa kabilang panig, tanda rin ito ng di malutas-lutas at palubha nang palubhang krisis ng naghaharing sistema na mawawakasan lamang sa pamamagitan ng armadong rebolusyonaryong pagbabagsak sa reaksyunaryo, papet at burukrata-kapitalistang estado. AB


ANG Bayan

Tomo LII Blg. 16 | Agosto 21, 2021

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray, Ingles at Espanyol. Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

@prwc_info

fb.com/editorsofAB

cppinformationbureau@gmail.com


## Nilalaman


**Editoryal:** Korapsyon sa gitna ng krisis at pandemya 1
Mga anomalya sa pondong pampandemya 3
Gutom at hirap sa ilalim ng ECQ 4
Paninira ng AFP sa BHB sa usaping kababaihan 5
Pagtatayo ng kampo militar sa Quezon, binigo 5
Ka Parts Bagani, Pulang artista ng bayan 6
8 armadong akyon sa 6 na prubinsya 6
Mga protestang bayan 6
Pang-aagaw ng lupa sa Masbate 7
Taas-presyo ng abono, pahirap sa magsasaka 7
Mga kaso laban sa 9 na aktibista, ibinasura 8
Lider-Mangyan, pinaslang ng militar 8
Ilusyon ang 11.8% paglago ng GDP 10
Sa madaling salita 10
US, pinalayas sa Afghanistan 10



Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

# Mga anomalya sa pondong pampandemya




Inulan ng batikos si Rodrigo Duterte matapos niyang batikusin at sindakin ang Commission on Audit (COA) noong Agosto 16 na itigil ang pagsasapubliko ng mga ulat kaugnay sa mga anomalya sa pondong pampandemya ng iba't ibang ahensya ng reaksyunaryong gubyerno. Sa sumunod na araw, idinaing ni Department of Health (DOH) Sec. Francisco Duque III na "winarak" umano ng komisyon ang kagawaran matapos na malantad ang maanomalyang paggamit sa pondong pangkalusugan sa kritikal na panahon ng pandemyang Covid-19. Kriminal ang pagpapabaya at pagwawaldas sa pondo ng bayan sa gitna ng pandemya. Ito ay habang ilanlibong buhay ang nasakripisyo, at milyong nawalan ng trabaho at sumubsob sa kahirapan.

Pinuna ng COA ang DOH sa bigong paggamit nito sa pondong pampandemya, at mga iregularidad at kabagalan sa sistema ng pagbili ng mga suplay at kagamitang medikal.

Sa partikular, kinwestyon ng COA ang mga anomalya sa paggamit at hindi pagmaksimisa sa aabot ₱67.32-bilyong pondong pampandemya ng DOH noong 2020. Ayon sa ahensya, umabot sa ₱11.89-bilyong pondo para sa pagpapaunlad ng sistemang pangkalusugan ang hindi nailabas dulot ng mga kakulangan ng DOH. Kinwestyon din ng COA ang mahigit ₱95.15-milyong halaga ng gamot at iba pang kagamitang medikal na na-*expire* na o di kaya'y malapit nang ma-*expire* sa imbentaryo nito. Liban dito, lumalabas na nagkaroon ng sobrang pagpepresyo nang hanggang ₱1 bilyon ang pagbili ng ahensya ng mga *face mask* at *face shield* na ipinaubaya nito sa Department of Budget Management (DBM). Naungkat na ibinalik ng DOH sa DBM ang ₱42 bilyon para sa pagbili ng mga gamit medikal nang walang kaukulang dokumentasyon.

Dagdag dito, wala ring maayos na dokumentasyon ang ₱539.29 milyong ginastos ng DOH para sa kumpensasyon ng mga manggagawang pangkalusugan; ₱275.9 milyon para umano sa mga "meal allowance" at ₱11.66 milyon para sa *death and sickness pay* ng mga manggagawang pangkalusugan; at kung paanong ginamit ang ₱1.4 bilyong donasyon na natanggap nito sa parehong taon.

**Department of Social Welfare and Development.** Hindi nagamit ng ahensya ang ₱780.71-milyong badyet nito para sa Social Amelioration Program (SAP) na napakinabangan sana ng 139,300 benepisyaryo. Kinwestyon din ang paggamit nito sa ₱4.36-bilyong pondo para sa SAP sa anim na rehiyon nang walang maayos na dokumentasyon. Sa kabuuan, aabot sa ₱5.46 bilyon ang kwestyunableng ginamit ng ahensya.

**Department of Labor and Employment**. Napuna ang kawalan ng maayos na internal na sistema sa pagtitiyak ng ayuda sa ilalim ng tatlong programa sa ayuda para sa mga manggagawa at migranteng nawalan ng trabaho dulot ng pandemya. Napansin ng mga awditor ang ilang iregularidad gaya ng sobra-sobrang ayuda sa 213 benepisyaryo na nagkakahalagang mahigit ₱1 milyon. Nalantad din ang hindi pagbibigay sa mga benepisyaryo ng anumang ayuda o di kaya'y kulang na ayuda. Nasa ₱22.34 milyon naman ang nakadeposito pa sa mga *remittance center* at hindi pa nakukuha. Nasa ₱1.57 bilyon naman ang ipinamahagi nitong *cash advance* sa mga manggagawa nang walang maayos na dokumentasyon.

**Land Transportation Franchising and Regulatory Board.** Isang porsyento lamang o ₱59 milyon ang inilabas ng ahensya para sa Service Contracting Program na naglalayon sanang pansamantalang iempleyo ang mga drayber na naapektuhan ng mga restriksyon sa pagbabyahe. Wala pa sa kalahati ng 60,000 benepisyaryong drayber ang nairehistro sa naturang programa.

**Department of Agriculture**. Umaabot sa ₱2.2-bilyong pondo ang hindi nito nagamit sa ilalim ng Bayanihan 2 na nakalaan para ayudahan ang maliliit na magsasakang apektado ng pandemya. Sumobra naman ng ₱250.53 milyon ang naipamahagi nitong ayuda para sa mga magsasaka sa ilalim ng apat na programa nito. Kabilang umano sa mga nabigyan ng ayuda ang "hindi kwalipikadong mga magsasaka" at doble hanggang tripleng pagbibigay ng ayuda sa 14,058 benepisyaryo. Napuna rin ang hindi wastong pagpepresyo ng ahensya sa mga kagamitan sa pagsasakang ipinamamahagi nito.

**Department of Education**. Napuna ang naantalang paglalabas ng ahensya ng ₱1.39 bilyon sa ilang mga dibisyon nito sa harap ng matinding pangangailangan bunsod ng pagpapatupad ng *distance learning.* Nasa ₱916 milyon lamang (41%) sa ₱2.23-bilyong pondong nakalaan para sa anim na rehiyunal na upisina ng ahensya ang nailabas, habang nasa ₱29 milyon ang hindi nagamit ng pito ding panrehiyong upisina. Pinuna rin ng COA ang mali-mali, kulang-kulang at napakabagal na produksyon at deliberi ng mga modyul na ginagamit sa *distance learning.* AB

# Gutom at hirap sa ilalim ng ECQ




Ibinababa na sa *modified enhanced community quarantine* (MECQ) ang antas ng *lockdown* sa National Capital Region (NCR), Bataan at Laguna mula Agosto 21 hanggang 31, matapos ipailalim sa dalawang-linggong *enhanced community quarantine* (ECQ), ang pinakamahigpit na kwarantina. . Naabot ang desisyon sa pamamagitan ng "sikretong botohan" ng mga myembro ng Inter-Agency Task Force at walang isinapublikong mga batayan nito.

Ginawa ang anunsyo ilang oras matapos iulat ng Department of Health (DOH) ang mahigit 14,000 bagong kaso ng nahawa ng bayrus noong Agosto 19. Sa sunod na araw, umabot sa 17,231 ang naiulat na bagong kaso, pinakamarami mula nagsimula ang pandemya. Bago ipinataw ang 2-linggong ECQ, nag-abereyds lamang sa 9,000 ang nahawa ng bayrus araw-araw. Ayon sa ahensya, halos 24% sa 60,000 indibidwal na na-*test* ay nagpositibo. Ibig sabihin, napakakaunti ng tine-*test* nito dahil dapat maabot ng bansa ang *5% positivity rate* sa bilang ng mga tine-*test* para masabing sapat ang *testing* nito.

Lampas 1.8 milyon na ang tinamaan ng Covid-19 sa buong bansa noong Agosto 20. Lampas 10,000 ang arawang nahahawa sa nakaraang siyam na araw, at tinatayang tataas pa ito sa susunod na mga linggo.

Sa Metro Manila, nasa 73% ng mga kama sa ospital para sa kritikal na mga kaso ang okupado. Gamit na rin ang 60% ng mga *isolation bed*, 67% ng mga *ward bed* at 61% ng mga *ventilation machine*. Imbes na mabilis na paramihin ang mga pasilidad para saluhin ang dumaraming kaso, inutos ng IATF na ibaling ng mga ospital na ang mga kama na nakalaan sa mga pasyenteng may ibang sakit sa mga pasyenteng may Covid-19. Ginagawa ito nang walang dagdag na personel sa mga ospital at iniaatang sa sobra sa trabahong mga nars at duktor.

Pero ang lumalabas na pinakadahilan ng pagbaba ng istatus sa pagkakwarantina ay ang sinabi ni Department of Interior and Local Government na si Gen. Eduardo Año na walang na diumanong pondong pang-ayuda ang gubyerno kung palalawigin pa ang ECQ.

Bago pa nito, kinontra ng maraming negosyante ang planong palawigin ang *lockdown*. Anila, sa ngayon pa lamang ay marami na ang nagsarang negosyo at tiyak na madaragdagan pa kung palalawigin pa ang ECQ. Sa datos ng National Economic Development Authority, ₱150 bilyon ang nawawala kada linggo sa pag-iral ng ECQ. Matindi ang epekto nito sa ekonomya dahil ang sangkatlo nito ay binubuo ng NCR.

Bunga ng serye ng mga *lockdown* mula 2020, umaabot na sa 9.2 milyon hanggang 13.5 milyong Pilipino ang nawalan o kulang ng trabaho dahil sa pandemya. Idagdag pa dito ang tinatantyang 444,000 nawalang trabaho dahil sa dalawang linggong ECQ.

Imbes na palakasin, lalong nalugmok ang sistemang pangkalusugan at mga manggagawa nito. Ayon sa Philippine Nurses Association, umaabot na sa 40% ng mga nars sa bansa ang nagbitiw sa trabaho mula noong nakaraang taon bunga ng sobrang pagod, maliit na sweldo at walang ayuda tulad ng *special risk allowance* at *active hazard pay* mula sa gubyerno. May 30,000 nars ang nagtatrabaho sa pribadong sektor at 13,000 sa kanila ang kontraktwal. Nagbabanta ang mas marami pang nars na magbitiw sa pwesto dulot ng sobra-sobrang trabaho at pagkakait ng kanilang mga benepisyo.

Binatikos naman ng mga mambabatas ang napakaliit na ₱4.5-bilyong ayudang ipinagmamayabang ni Año. Batay sa datos mula sa iPrice, isang *online data aggregator*, ipinapakita na ang NCR noong Abril ay pumapangalawa sa may pinakamataas na renta sa bahay, kasunod ng Singapore. Ayon kay Bayan Muna Rep. Carlos Zarate, ang gastos para sa isang buwan ng isang tao sa NCR ay ₱50,800 at ₱28,800 kung hindi siya umuupa. Kung hahatiin ito sa dalawang linggo, ang isang indibidwal ay nangangailangan ng ₱14,000 kada linggo. Ang alokasyong ₱1,000 kada indibidwal ay hindi man lamang katumbas ng dalawang araw ng minimum na sweldo sa NCR at mas mababa sa ₱1,058 kada araw na nakabubuhay na sweldo para sa lima-kataong pamilya. Kahit ibibigay pa ng gubyerno ang ₱4,000 kada pamilya, hindi pa rin ito sasapat. Batay sa datos ng iPrice, ang isang apat-kataong pamilya ay nangangailangan ng ₱57,600 upang mabuhay ng disente sa loob ng dalawang linggo, malayo sa maksimum na maaaring makuhang ayuda na ₱4,000.

Sa gitna nito, pinaarangkada ng rehimen ang paghihigpit sa kilos at panggigipit sa ngalan ng pandemya. Umabot sa 108,777 ang inaresto ng mga pulis sa NCR dahil sa paglabag sa mga protokol pangkalusugan pangunahin sa pang-ekonomyang kadahilanan. Binaril naman ng isang tanod ang mangangalakal ng basura na si Eduardo Geñoga noong gabi ng Sabado sa Barangay 156 sa Tondo, Manila matapos sitahin dahil sa paglabag sa *curfew*. Si Geñoga ay maysakit sa pag-iisip. AB

# Bulok na paninira ng AFP sa BHB sa usaping kababaihan



Sa nagdaang ilang taon, sinimulan ng Armed Forces of the Philippines (AFP) ang baluktot na kasinungalingang ipinalalaganap nitong "pang-aabuso" sa kababaihan sa loob ng Bagong Hukbong Bayan (BHB). Ginagamit nitong "ebidensya" ang nakukumpiskang mga *birth control pill, condom* at *pregnancy test* mula sa mga kampo ng BHB bilang patunay ng "pang-aalipin at pang-aabusong sekswal" ng kalalakihang kasapi ng hukbo sa kababaihan.

Ito ay kahit malinaw na ang naturang mga suplay-medikal ay mga instrumentro sa responsableng pagpapamilya. Taliwas sa ipinalalabas ng AFP, pinatutunayan nito ang pagtataguyod ng rebolusyonaryong kilusan sa mga karapatan ng mga kababaihan sa kalusugan at reproduksyon. Hindi lamang malisyoso ang pambabaluktot ng AFP sa tunay na gamit ng mga ito, pinatutunayan din nito ang pagkamuhi at mababang pagtingin ng reaksyunaryong hukbo sa kababaihan.

Mahigpit na tumatalima ang mga kasapi ng BHB sa pagtataguyod ng mga karapatan at kagalingan ng kababaihan, laluna ng mga babaeng mandirigma. Nakasaad ito sa Walong Puntong Dapat Tandaan: "Huwag pagsamantalahan ang kababaihan." Ipinatutupad ang prinsipyong ito sa lahat ng larangan, at laluna sa pakikipagrelasyon at pagaasawa. Pinapatawan ng aksyong pandisiplina ang sinumang lumabag sa mga alituntuning ito.

May mga alituntunin ang rebolusyonaryong kilusan sa pagpapakasal, gayundin ang paghihiwalay at diborsyo. Bahagi ng pagkilala sa karapatan ng kababaihan at ng mga mag-asawa ang pagsusulong ng *reproductive health* at pagpaplano ng pamilya sa loob ng hukbo. Naglalaan ng rekurso ang mga yunit ng BHB para sa pangangailangan sa kontrasepsyon. Aktibong inilulunsad ang mga pag-aaral sa pagbubuo ng rebolusyonaryong pamilya at kontrasepsyon sa pagitan ng mga mag-asawa.

**Pag-abuso ng AFP sa kababaihan**

Direktang magkasalungat ang patakaran ng AFP at BHB. Mismong ang hepe nitong si Rodrigo Duterte ang nag-utos na "barilin sa kanilang ari" ang mga babaeng mandirigma. Kaliwa't kanan ang kanyang pambabastos at pagmamaliit sa kababaihan, at inengganyo niya ang mga sundalo at pulis na gumawa ng mga krimen laban sa kanila.

Laganap sa mga yunit ng AFP ang paglapastangan sa mga kababaihan at menor de edad. Nagaganap ang mga ito sa tuwing naglulunsad ng mga Retooled Community Support Program (RCSP) ang mga sundalo sa komunidad at matagal na nagkakampo sa mga barangay.

Noong nakaraang taon, iniulat ang sapilitang pagpapatawag ng mga sundalo sa mga kababaihan ng Sityo Tapayanon, Barangay Gupitan, Davao del Norte tuwing Sabado para pagpilian kung sino ang kanilang gagahasain. Nagresulta ito sa maramihang pagbubuntis sa naturang komunidad at sumira sa mga pamilya.

Kabilang din sa listahan ang panggagahasa ng isang elemento ng 54th IB sa isang 16 anyos na babae sa Tinoc, Ifugao noong 2018. Iniulat sa parehong taon ang panghihipo ng isa pang sundalo sa isang ginang sa Barangay Lob-ong, Asipulo.

Hindi rin iilan ang mga naitalang kaso sa Ifugao ng pakiki-apid ng mga sundalo sa mga may-asawa. Naiulat din ang pag-ihi ng isang sundalo sa harapan ng mga menor-de-edad na kababaihan. Minsan ding sumigaw ang isang sundalo sa isang komunidad sa Asipulo: "*Two hundred* lang babae dito, *virgin* pa!"

Sa isang panayam na inilathala sa rebolusyonaryong pahayagan ng Panay na Daba-Daba, saad ng mga magulang: "Mas mabuti pang iwanan ang aming dalagang anak sa isang platun ng BHB kaysa iiwanan kasama ang isang armi." AB

## Tangkang pagtatayo ng kampo sa Quezon, muling binigo ng mamamayan

PINANGUNAHAN NG MGA kagawad at tanod ng barangay ang pagharang sa planong pagtatayo ng mga kampo militar sa Barangay San Francisco-B, Lopez, Quezon noong Agosto 7. Sama-samang pinalayas ng mga residente ang mga tropa na magtatayo ng detatsment. Ayon sa mga upisyal, agad na nagpaabot ng reklamo ang mga residente dito nang mabalitaan nila ang plano ng militar.

Ito na ang ikalimang pagkakataon na pinalayas ng mga residente ng Quezon ang mga kampo-militar mula buwan ng Mayo. Nauna na rito ang pagpapalayas sa mga sundalo sa Sta. Elena at Cawayan sa Lopez; at Vista Hermosa at P. Herrera sa Macalelon.

# Ka Parts Bagani, Pulang mandirigma at artista ng bayan

Walang kalaban-labang pinatay ng pinagsanib na pwersa ng 5th Special Forces Battalion at lokal na pulis si Jhon Niebres Peñaranda, mas kilala bilang Parts Bagani, 54, upisyal ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Southern Mindanao Region, at bantog na rebolusyonaryong artista, sa Barangay Cannery Site, Polomolok, South Cotabato noong Agosto 16. Hindi armado at wala siya sa katayuang lumaban.

Kilala sa loob at labas ng rebolusyonaryong kilusan si Ka Parts bilang nangungunang rebolusyonaryong pintor at dibuhista na nakabase sa BHB. Nagmula siya sa uring petiburges pero inialay niya ang buong buhay at talino sa pagtatanggol sa masang inaapi. Habang tangan ang armalayt, sa gawaing militar at gawaing masa, lumilikha siya ng mga obra na sumasalamin sa paghahangad ng sambayanan na lumaya mula sa pang-aapi, pagsasamantala, gutom at kahirapan at para sa pambansa at panlipunang paglaya.

Habang nakilala sa kanyang mga obra bilang rebolusyonaryong artista, sa pangunahin, si Ka Parts ay isang mandirigma at kadreng militar ng BHB. May mayaman siyang karanasan sa pakikidigma, sa mga pagsulong at pag-atras, sa pangunguna sa mga taktikal na opensiba at sa pag-aaral ng sining ng digma. Ikinukunot niya ang kanyang noo sa pagbubuo ng mga hakbang para ibayong itaas ang kakayahan ng BHB at ng mga Pulang mandirigma sa armadong pakikibaka.

Ang kanyang kaalaman sa pagdidibuho ay ginagamit niya sa pagkrokis ng mga plano sa mga taktikal na opensiba. Hindi matatawaran ang kanyang mga ambag sa pagsusulong ng armadong rebolusyon sa rehiyon ng Southern Mindanao at sa ibang bahagi ng Mindanao. AB

# 8 armadong aksyon sa 6 na prubinsya

Walong armadong aksyon ang inilunsad ng mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Negros Oriental, Northern Samar, Oriental Mindoro, Surigao del Sur, Capiz at Agusan del Norte mula Hulyo 25 hanggang Agosto 14. Hindi bababa sa walong sundalo ang napatay sa mga ito.

Isang elemento ng 62nd IB ang napatay sa mga operasyong haras ng BHB sa Negros Oriental noong Agosto 11. Isang pulis din ang nasugatan sa Los Angeles, Butuan City noong Hulyo 27. Isa pang sundalo ang napatay sa opensiba ng sa Barangay Victory, Las Navas sa Northern Samar noong Hulyo 9.

**Oriental Mindoro**. Apat na sundalo ang napatay at dalawa ang nasugatan nang pasabugan ng sila ng BHB-Mindoro sa kanilang kampo sa Barangay Panaytayan, Mansalay, Oriental Mindoro noong Agosto 4.

Pinasabugan din ng BHB ang komboy ng anim na sasakyang militar sa Sityo Tambangan, Barangay San Juan, Bulalacao noong Agosto 14.

**Capiz**. Pinarusahan ng BHB si Cpl. Frederick Villasis ng 12th IB noong Agosto 11 sa Barangay Lahug, Tapaz. Nakumpiska sa kanya ang isang pistolang Glock. Imbwelto siya sa masaker at maramihang pang-aaresto sa mga magsasakang Tumandok noong Disyembre 30.

**Surigao del Sur**. Dalawa ang sugatan at isa ang patay sa tropa ng 36th IB sa operasyong haras ng BHB-Surigao del Sur sa hangganan ng Barangay Bayogo, Madrid noong Hulyo 25. Pinaputukan din ng BHB ang mga elemento ng 75th IB na humahalihaw sa Barangay Bolhoon, San Miguel noong Hulyo 29. AB

**Pagkakwari sa Negros, ipinatitigil.** Noong Agosto 12, umapela ang mga magsasaka ng Silay City para ipatigil ang mga operasyon ng pagkakwari sa Silay City, Negros Occidental. Kinundena nila ang walang tigil na paghahawan sa kagubatan na nagdudulot ng pagbaha at pagkasira ng kanilang mga pananim. Sa limang operasyon ng pagkakwari sa lugar, isa ay pagmamay-ari ng meyor ng syudad na si Mark Andrew J. Golez.

**Tanggalan sa Coca-Cola sa Cebu, naipasuspinde.** Pansamantalang sinuspinde ang tanggalan sa Coca-Cola matapos magkaroon ng kasunduan sa pagitan ng mga kontraktwal na manggagawa at kanilang prinsipal na kontraktor noong Agosto 9 sa Mandaue City, Cebu. Ito ay matapos magsampa ng kaso ang mga manggagawa sa National Conciliation and Mediation Board. Kabilang sa kanilang inireklamo ang *union busting* at hindi makataong kalagayan sa paggawa, kung saan sapilitang pinagagampan ang mga manggagawa ng iba pang mga trabaho.

**Protesta sa Talisay City.** Nagmartsa tungo sa upisina ng Civil Service Commission sa Bacolod City noong Agosto 9 ang mga tinanggal na empleyado ng Talisay City Government at Bacolod City Water District upang ipanawagan na ibalik na sila sa trabaho.

**Mga bakwit sa Haran, bumalik na sa Talaingod.** Nagpasyang bumalik ang natitirang 100 katutubong Talaingod Manobo sa kanilang lupang ninuno noong Agosto 9 matapos ang pitong taon. Nagbakwit at nagsangtwaryo sila sa UCCP Haran Center sa Davao City mula pa 2014 matapos paulit-ulit na salakayin ng militar ang kanilang mga komunidad.

# Lupang sakahan sa Masbate, inagaw sa ngalan ng ekoturismo

Mahigit 21,000 residente ang mapalalayas sa kanilang mga sakahan at pangisdaan dulot ng proyektong Masbate International Tourism Enterprise and Special Economic Zone ng Empark Land Development Inc. Saklaw ng proyekto ang mahigit 1,854 ektaryang lupaing agrikultural sa pitong barangay sa tabing-dagat ng bayan ng Dimasalang at apat sa katabing Palanas. Liban dito, dahil deklaradong mga sangftwaryong marino, dati nang ipinagbabawal sa mga residente ang pangingisda sa may 222-ektaryang dagat at bakawanan sa erya. Pero sa ilalim ng Empark, nanganganib na maubos ang mga ito.

Ipinagyayabang ni Duterte na ito na ang pinakamalaking proyektong panturismo. Mahigit ₱190 bilyon ang ipinuhunan dito ni Huang Rulun, bilyonaryong Chinese na may ari ng Empark at malapit kay Duterte. Humaharap si Huang sa mga kaso ng korapsyon sa kanilang bansa. Noong kasisimula pa lamang ni Duterte sa poder ay nagbigay siya ng ₱1.4 bilyon para umano sa konstruksyon ng dalawang *drug rehabilitation center.*

Noong Abril 2018 sinimulan ng Empark ang operasyon nito para itransporma tungong sonang panturismo ang nabanggit na lupain at nagpapatuloy ito ngayon sa kabila ng pandemya. Ang enggrandeng proyekto ay planong pagtayuan ng mga *casino, mall, hotel, golf course* at daungan para sa mga yate. Dagdag pa rito ang mahigit 50 pang pasilidad. Sa laki at lawak ng proyekto, tinatayang sa 2044 pa makukumpleto ang huling yugto ng konstruksyon nito.

**Turismo para sa dayuhang kapital**

Todo-todo ang pagtutulak ng rehimeng Duterte para sa pamumuhunan sa industriya ng turismo kahit sa harap ng pagbagsak nito sa panahon ng pandemya. Noong 2019, umaabot na sa 12.7% ng *gross domestic product* ng bansa ang nagmula sa turismo, mas mataas kaysa 12.3% sa naunang taon. Kumita rito ang gubyerno ng ₱466 bilyon, mas mataas nang 21% sa taon bago nito. Noong 2019, umabot sa ₱569.1 bilyon ang pribadong pamumuhunan dito.

Sa bisa ng Republic Act 11262, lalupang ibinukas ng rehimeng Duterte ang turismo sa dayong pamumuhunan. Nagbigay ang Tourism Infrastructure and Enterprise Zone Authority (TIEZA) ng samu't saring insentiba para sa mga *tourism enterprise zone* (TEZ o sona ng mga empresang panturismo). Kabilang dito ang di pagbabayad ng buwis nang anim hanggang 12 taon, libreng buwis sa mga ipapasok na dayuhang kapital, kagamitan at serbisyo, anim na taong pagpapababa ng buwis sa mga pagkalugi, at iba pang benepisyo. Liban dito ay maaaring upahan ang erya nang hanggang sa 75 taon.



Ganito rin ang iniaalok ng TIEZA sa di bababa sa 12 prayoridad na TEZ sa siyam na prubinsya. Kabilang ang mga ito sa 20 klaster ng turismo sa buong bansa na target ng Department of Tourism na makapagpalitaw ng ₱3.9 trilyong kita sa pagtatapos ng rehimen. Sa nabanggit na prayoridad na mga TEZ, hindi bababa sa 2,000 ektaryang sakahan at pangisdaan ang isinusubasta ng TIEZA.

Sa buong bansa, pursigido ang rehimeng Duterte na patituluhan ang mga lupang dati nang binubungkal ng mga magsasaka para mas madaling maibenta at makonsentra sa kamay ng mga debeloper. Noong 2019, iniutos ni Duterte sa Department of Agrarian Reform na pabilisin ang proseso ng pagpapalit-gamit ng mga lupang agrikultural. Liban sa mga proyektong panturismo, malawakan ang pagbebenta ng lupa para sa mga kapitalistang plantasyon, malawakang mina at mga proyektong *real estate.* AB

### Taas-presyo ng abono, dagdag pahirap sa magsasaka

INIULAT NG KILUSANG Magbubukid ng Pilipinas (KMP) noong Agosto 12 na tumaas ang presyo ng abono nang ₱200-₱400/*bag* sa nakaraang dalawang buwan. Sa datos ng Department of Agriculture (DA), ang presyo ng *prilled urea* ay ₱1,415.99 kada *bag*, ₱1,393.32 sa *granular urea*, ₱778.79 sa *ammosul* at ₱1,268.19 *sa complete.* Halos doble ang mga ito kung ikukumpara sa presyo noong nakaraang taon.

Ginagamitan ng abono ang halos 85% ng mga palayan at kalahati ng mga gulayan sa bansa. Giit ng mga magsasaka na dapat imbestigahan ng DA ang pagtaas ng mga presyo at huwag itodo ang pag-aangkat ng *imported* at mamahaling abono. Kasabay ng pagtaas ng presyo ng abono, tumaas rin ang presyo ng petrolyo at mga pestisidyo.

# Gawa-gawang mga kaso laban sa 9 na aktibista, ibinasura

Magkakasunod na ibinasura ngayong buwan ng dalawang rehiyunal na korte at mga prosekyutor ang gawa-gawang kasong isinampa laban sa pitong aktibista sa Metro Manila, Albay at General Santos City, at dalawang istap ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP).

Unang ibinasura noong Agosto 4 ng Legazpi Regional Trial Court sa Albay ang kasong *gunrunning* laban kay Pastor Danilo Balucio. Ipinawalambisa nito ang mandamyento na ginamit ng pulisya sa paghalughog sa bahay ni Balucio at pag-aresto sa kanya noong Mayo dahil hindi umano nakabatay ang paglalabas nito sa makatotohanang impormasyon.

Noong Agosto 13, naibalita ang pagbasura ng mga prosekyutor sa reklamong *kidnapping* at bigong pagbalik sa isang menor de edad na isinampa ng pulisya laban sa kabataang aktibistang sina Elaine Edzel Emocling, Christine Joy Dual, Alex Danday at Alfie Omaga. Inakusahan ang apat na nagrerekrut ng mga kasapi ng hukbong bayan kaugnay ng pag-*kidnap* umano nila sa isang aktibistang nagngangalang "Trisha." Nilinaw ng mga prosekyutor na hindi armadong pakikibaka ang paglahok sa mga protesta.

Noong Agosto 12, ibinasura ng General Santos City Regional Trial Court ang kasong *illegal possession of firearms and explosives* laban sa mag-asawang sina Edgar and Regina Patulombon na inaresto ng pulisya noong 2015 batay sa itinanim na mga ebidensyang baril at pasabog. Ibinasura ang kaso matapos na mapag-alaman na isinailalim ang mag-asawa sa imbestigasyon nang hindi ipinaaalam ang kanilang mga karapatan.

Noong Agosto 19, ipinawalambisa ng korte sa Quezon City ang *search warrant* na ginamit para tamnan ng mga baril at eksplosibo at arestuhin ang mag-asawang Alexander at Winona Birondo noong 2019. Pareho silang istap ng NDFP sa usapang pangkapayapaan. AB

# Lider-Mangyan, pinaslang ng militar

Tatlong magsasaka ang pinatay at pito ang inaresto ng mga armadong ahente ng estado sa nakaraang mga linggo.

Sa Occidental Mindoro, pinaslang ng 203rd IB ang dating lider-katutubong si Baduy de la Cruz sa Sityo Cawit, Barangay Gapasan noong Hulyo 29. Dati na siyang minamanmanan ng militar at pilit na "pinasusurender."

Sa Northern Samar, pinaslang ng 20th IB si Nilo Ogatcho, kapitan ng Barangay Victor, Las Navas noong Agosto 19. Ayon sa lokal na yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB), ganti ito ng militar sa pagkamatay ng isang sundalo sa opensiba noong Hulyo 9 sa parehong barangay.

Pinatay naman ng mga elemento ng 63rd IB si Juddy Ragawdaw, dating aktibong myembro ng organisasyong magsasaka noong unang linggo ng Hunyo sa Barangay Loog, Basey, Western Samar.

**Iligal na pag-aresto**. Dinakip ng 203rd Brigade at pulisya ang isang magsasakang ipinakilalang "Ernesto Panganiban" sa Barangay Lisap, Bongabong, Oriental Mindoro noong Agosto 6. Dinakip siya ng mga sundalo at pulis para makubra ang ₱4.5-milyong pabuya sa katauhan ng inimbentong pangalan.

Sa Sibale, Romblon, apat na mangingisdang sumusukob upang makaiwas sa bagyo noong Hunyo 2 ang iligal na dinakip ng mga pulis at pilit na pinasurender bilang mga myembro ng BHB. Sinampahan ng gawa-gawang kasong *illegal possession of firearms and explosives* sina Nolan Ramos, Benny Hilamon, Marlon Angelo Torres at Ma. Teresa Dioquino.

Dinakip naman ng 62nd IB at 94th IB sina George Francis at Edwardo Mission, mga residente ng Guihulngan City, Negros Oriental noong Agosto 3. Hindi pa inililitaw si Francis habang idinetine si Mission sa istasyon ng pulis sa Binalbagan, Negros Occidental. Noong Agosto 3, walang-habas na inistraping ng 94th IB ang mga bahay ng pamilyang Ponsiano at Enriquez sa Sityo Tibak, Barangay Santol, Binalbagan.

Sa Masbate, inaresto ang barangay kagawad na sina Virginia Esperanza Cabiles, Jinky Esperanza Villadolid at Dee Madrilejo sa Barangay Talisay, San Fernando noong Agosto 12 matapos akusahang may kaugnayan sa rebolusyonaryong kilusan. Nakatakas si Madrilejo ngunit nahuli sa Masbate City. AB

### Ilusyon ang 11.8% paglago ng GDP


TALBOG LAMANG MULA sa sumadsad na ekonomya ang naitalang 11.8% paglago ng *gross domestic product* (GDP) ng Pilipinas para sa ikalawang kwarto ng taon. Hinugot ang numero mula sa 17% pagbagsak ng GDP sa parehong kwarto noong nakaraang taon, kaya nagmukha itong napalaki. Kung ikukumpara sa nakaraang mga kwarto, nasa 0.7% lamang ang paglago ng GDP sa unang kwarto ng 2021. Muli itong bumagal (-1.3%) sa pangalawang kwarto. Sa taya ng Ibon Foundation, hindi masusustine ang "pagtalbog" ng GDP kung hindi mareresolba ang malawak na disempleyo, mababang kalidad ng mga trabaho, pagbagsak at pagkawala ng kita at kulang na ayuda.

Kasabay nito, kumitid ang sektor ng agrikultura sa unang hati ng taon (-3.3% sa unang kwarto at -1.5% sa pangalawa). Ito ay dulot ng kumbinasyon ng todo-todong importasyon ng karne at bigas, kawalan ng subsidyo sa mga magsasaka at mga restriksyon sa pagkilos na umapekto sa mga prodyuser at mamimili.

# SA MADALING SALITA

## #LetAliciaSpeak

Panawagan ng mga grupong kabataan para **ilantad ang pang-aabusong sinapit ni Alicia Lucena** habang **iligal siyang idinetine ng NTF-ELCAC,** kakutsaba ang kanyang inang ahente, sa maliit na kwarto sa loob ng tahanan ng kanyang pamilya **mula Abril 19 hanggang Agosto 15**.



## 2,800 traysikel drayber

**ang naglunsad ng "Piso Kontra 174 Reclamation Project" sa Dumaguete**


Layunin nitong **makalikom ng pondo** para sa tuluy-tuloy na protesta at iba pang aktibidad **kontra sa proyektong reklamasyon**.

## 5 BESES NA NAGTAAS NG SINGIL ANG MERALCO


sa **nakaraang 5 buwan**. Umaabot ang **dagdag-singil sa ₱0.682 kada KWh** sa kabuuan katumbas ng dagdag na bayaring ₱136.40 kada buwan sa mga kumukonsumo ng 200kwh at ₱341/ buwan para sa 500kwh.

## 7 sa 10

**pamilyang Pilipino ang walang impok na pera.**



Tumaas ang bilang ng mga pamilyang ito tungong **2.3 milyon** noong ikalawang kwarto ng 2021 **mula 1.9 milyon** noong huling kwarto ng 2020.




## USS Charleston

**barkong pandigma ng US na dumaong sa Maynila**

noong Agosto 16. Ito ang unang barkong dumaong sa Pilipinas mula 2019 matapos **bigyan ni Rodrigo Duterte** ng **katiyakan ang US** na **hindi niya ibabasura ang Visiting Forces Agreement**.

## 2,000

lamang na mga **migranteng Pilipino ang pinapayagang umuwi** sa Pilipinas kada araw. Dahil dito, puu-puong libong istranded na Pilipino ang nagtitiis pa rin sa maraming bahagi ng mundo.



## 23 Agosto 1896

Araw ng

## Sigaw ng Pugadlawin

**Mahigit limandaang Katipunero** sa pamumuno ni **Andres Bonifacio** ang sabay-sabay na pinunit ang kani-kanilang sedula bilang hudyat ng simula ng himagsikan laban sa mga kolonyalistang Espanyol.


## 9 ang bagong bilyunaryo

**na umusbong sa panahon ng pandemya**

matapos na **pagkakitaan ang pagpapaunlad at pagbebenta** ng mga **bakuna laban sa Covid-19**. Ang $19.3-bilyong kabuuang halaga ng kanilang ari-arian ay sasapat na para bakunahan ang lahat ng mamamayan sa mahihirap na bansa.

***Pinagkunan:*** *The People's Vaccine Alliance*

# US, pinalayas sa Afghanistan; Taliban, nabawi ang poder



Tapos na ang gera. Ito ang deklarasyon ng Taliban noong Agosto 16 matapos agawin ng mga mandirigma nito ang Kabul, kabisera ng Afghanistan, at wakasan ang 20-taong okupasyon ng US at papet nitong gubyerno. Bago pa man tuluyang pinasok ng Taliban ang Kabul, lumayas na si Ashraf Ghani, presidenteng papet ng US, kaya kaagad naitatag ang bagong gubyerno. Ang Taliban ang naghaharing pangkatin sa Afghanistan nang unang inilunsad ng US ang gerang agresyon nito noong 2001. Inianunsyo na ng grupo ang pagtatayo ng Islamic Emirate of Afghanistan sa pagbabalik-kapangyarihan nito.

Ibinwelo ng Taliban ang opensiba para bawiin ang estado poder noong Mayo 4, matapos ianunsyo ng US ang pagsisimula ng pag-atras ng mga pwersang pangkombat sa bansa. Sa loob lamang ng dalawang buwan, nakontrol ng Taliban ang kalahati ng mga distrito, kabilang ang mga teritoryong okupado ng mga karibal nitong *warlord*. Sa kabila nito, minaliit ni US Pres. Joseph Biden ang grupo noong Hulyo at sinabing "hindi kakayanin" ng "75,000-katao" nito na gapiin ang mahigit 300,000-kataong Afghan National Army (ANA) na sinanay, pinondohan at inarmasan ng US.

Noong Agosto 6, naagaw ng Taliban ang una nitong syudad na Zaranj. Sa panahong ito, tinaya ng US na maaaring bumagsak ang kabisera sa loob ng 90 araw. Sa aktwal, ang halos walang sagkang pagkubkob sa Kabul at 20 pang sentrong lunsod ay naganap sa loob lamang ng sampung araw. Sinabayan ito ng kampanya ng pangungumbinsi at mga pangako na bibigyan ng amnestiya ang lahat ng mga sundalo ng ANA. Hindi lumaban ang papet na armadong hukbo at sa halip ay tumalilis, sumurender o di kaya'y bumaliktad nang salakayin ang kanilang mga syudad.

Nagkandarapa ang US na ilabas sa bansa ang mga tauhan nito noon ding Agosto 16. Kabilang sa mga hindi nakauwi ang 2,500 migranteng manggagawa, kung saan 132 ay mga Pilipino. Sa harap ng pangamba ng karahasan ng maraming Afghan at mga dayuhan, hinimok ng 60 bansa at United Nations ang Taliban na payagan ang sinumang gustong umalis sa bansa.

**Pamanang pinsala at kahirapan**

Walang kapantay na pinsala at kahirapan ang pamana ng US sa 20-taong okupasyon nito sa bansa. Ayon sa isang pananaliksik sa US, umaabot sa 3,487 sundalong Amerikano at kanilang mga kaalyado, halos 4,000 pribadong "kontraktor," 80,000 sundalong Afghan at mahigit 84,000 sa panig ng "oposisyon" sa 2001-2021 ang napatay sa "walang katapusang gera." May mga tayang umaabot sa 875,000 ang napatay na mga sibilyan. Nasa 3.5 milyon ang nadisloka dahil sa mga labanan.

Umaabot sa $2.26 trilyong pampublikong pondo ang winaldas ng US mula 2001 hanggang 2021. Kalakhan nito ($933 bilyon) ay bahagi ng pondo ng Overseas Contingency Operations, ang operasyong "kontra-terorismo" sa ibayong-dagat ng US Department of Defense.

Gumastos ang US ng $144.98 bilyon para sa rekonstruksyon at $36.29 bilyon para itayo ang papet na estado sa unang 10 taon ng okupasyon. Ayon sa Special Inspector General for Afghanistan Reconstruction, di bababa sa 20% sa pondong ito ay winaldas o kinurakot ng mga upisyal na Afghan. Kabilang dito ang $1 bilyong pondo para sa pagtatayo ng mga eskwelahang sasaklaw sa mga batang babae, isang programang ginamit para bigyang-katwiran ang okupasyon.

Iiwan ng US na wasak ang lokal na ekonomya ng Afghanistan. Nagabereyds lamang sa 2.5% ang paglago nito sa 2015-2019, mula nang magbawas ang US ng tropa rito. (Bago nito, nasa 8% ang taunang abereyds ng paglago ng GDP dulot ng malalaking base militar.) Nag-negatibo nang 2.8% ang paglago ng GDP ng bansa noong 2020.

Sa parehong taon, umakyat tungong 37.9% ang tantos ng disempleyo. Malaking bahagi nito ay dulot ng pagsasara ng mga base militar na nag-empleyo sa halos 40% sa mga Afghan. (Sa Kabul, may panahong 90% ng populasyon ay tali ang kabuhayan sa embahada at base militar ng US.)

"Marupok" at nakaasa sa internasyunal na ayuda ang ekonomya, ayon sa World Bank. Noong 2019, 22% ng *gross national product* nito ay mula sa internasyunal na mga ahensya. (May panahong hanggang 80% ng pambansang badyet at 40% ng GDP ay dayuhang ayuda.) Walang naitayong istableng imprastruktura. Hindi napaunlad ang agrikultura kung saan nakaasa ang 60% ng populasyon. Lansakan ang kriminal na mga aktibidad tulad ng ismagling at bentahan ng *opium poppy*, ang halamang ginagamit sa produksyon ng iligal na drogang *heroin.*

Lalong humirap ang buhay ng mga Afghan sa pagragasa ng pandemyang Covid-19. Nasa 75% ang nagsabing wala silang natanggap na ayuda mula sa (napatalsik na) gubyerno. Umabot sa 36% ang nagsabing dumanas sila ng krisis sa pagkain. Nasa 72% ng populasyon ay nabubuhay sa kahirapan, mas mataas kumpara sa 55% noong 2019. AB